



Ang Prenatal Screening na Programa ng California

Screening para sa mga Depekto sa Kapanganakan

Ang **Prenatal Screening na Programa ng California** (www.cdph.ca.gov/PNS) ay isang programa sa buong estado na ibinibigay ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care providers) sa lahat ng buntis na indibidwal sa California. Ang prenatal screening ay gumagamit ng mga sample ng dugo ng isang buntis na indibidwal upang suriin para sa ilang mga depekto sa kapanganakan sa kanilang fetus (nabubuong sanggol). Ang mga indibidwal na may fetus na nalamang nadagdagan ang tiyansa ng isa sa mga depekto sa kapanganakan na iyon ay binibigyan ng pagpapayo tungkol sa henetiko at iba pang mga follow-up na serbisyo sa pamamagitan ng mga Prenatal Diagnosis Center na kinontrata ng estado. Dapat bayaran ng Medi-Cal at ng pribadong insurance ang lahat ng babayaran sa programa, na may ilang eksepsyon para sa mga pansariling namamahala sa mga empleyado at mga planong pangkalusugan na wala sa estado.

Ano ang mga depekto sa kapanganakan?

Ang mga depekto sa kapanganakan ay mga kondisyon sa isang fetus na maaaring magdulot ng mga pisikal na pagbabago at kapansanan sa isip. Ang mga depekto sa kapanganakan ay kadalasang nangyayari nang ayon sa pagkakataon at kadalasan ay wala nito sa mga pamilya. Ang down syndrome at iba pang “kondisyon sa henetiko” na sinusuri ng PNS na Programa sa isang fetus ay sanhi ng sobrang chromosome. Ang mga chromosome ay tumutulong sa pagbuo ng fetus at makikita sa bawat selula sa katawan.

Pagsusuri sa kalusugan ng fetus bago ipanganak

Kung magpasya kang sumailalim sa prenatal screening, kailangan mong magbigay ng dalawang sample ng dugo. Ang bawat sample ay sinusuri upang malaman kung may **nadagdagan tiyansa** na ang iyong fetus ay may ilang mga depekto sa kapanganakan. Kung may nadagdagan tiyansa, kakausapin ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) tungkol sa mga susunod na hakbang. Ikaw ang magpasya kung gusto mo ng karagdagan pagpapayo tungkol sa henetiko, ultrasound eksam, o pagsusuri para malaman ang sakit (diagnostic testing).

Paano naiiba ang prenatal screening sa diagnostic testing?

Tinatantiya ng prenatal screening ang mga tiyansa ng ilang depekto sa kapanganakan. Kung ang resulta ng iyong prenatal screening ay nagpapakita ng nadagdagan tiyansa ng depekto sa kapanganakan, **kailangan ng diagnostic testing para sa malinaw na sagot.**

Maaaring malaman ng PNS na Programa ang apat na uri ng depekto sa kapanganakan:

Depekto sa Kapanganakan	Mga kapansanan na dulot ng depekto sa kapanganakan
Trisomy 21 o Down syndrome	Ang kondisyong ito sa henetiko ay nagdudulot ng hindi gaanong malubha hanggang sa malubhang kapansanan sa isip at malubhang mga problema sa kalusugan tulad ng mga depekto sa puso.
Trisomy 18 o Edwards syndrome	Ang kondisyong ito sa henetiko ay nagdudulot ng malubhang kapansanan sa isip at malubhang mga problema sa kalusugan. Ang karamihan sa mga pagbubuntis na may trisomy 18 ay natatapos nang mag-isa sa pamamagitan ng pagkalaglag ng sanggol (nakunan o miscarriage).
Trisomy 13 o Patau syndrome	Ang kondisyong ito sa henetiko ay nagdudulot ng malubhang kapansanan sa isip at malubhang mga problema sa kalusugan. Ang karamihan sa mga pagbubuntis na may trisomy 13 ay natatapos nang mag-isa sa pamamagitan ng pagkalaglag ng sanggol (nakunan o miscarriage).
Mga depekto sa neural tube	Ang depekto sa kapanganakan na ito ay nagdudulot ng mga problema sa pagbuo ng utak o gulugod, tulad ng spina bifida (open spine).

MAHALAGANG DEPINISYON

Ipinakita ng pananaliksik na ang “mga depekto sa kapanganakan” ay ang pinakakaraniwang ginagamit at nauunawaan nang pinakamabuti na salita para sa mga kondisyon sa henetiko at mga depekto sa malalim na istraktura kung saan nabubuo ang utak at gulugod (neural tube) na sinusuri ng PNS na Programa.





Ano ang dapat asahan mula sa Prenatal Screening na Programa ng California?

TALAKAYIN. Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) ay magbibigay sa iyo ng **prenatal screening** sa pamamagitan ng programang ito. Hindi ito kinakailangan. Ang prenatal screening ay makakatulong sa iyo upang malaman kung ang iyong fetus ay may **nadagdagang tiyansa** ng ilang mga depekto sa kapanganakan.



Kung pipiliin mong lumahok sa Prenatal Screening (PNS) na Programa ng California at mayroon kang Medi-Cal o pribadong insurance sa kalusugan, babayaran nila ang iyong mga babayarin sa programa, na may ilang hindi kasama. Ang mga babayarin ay \$232 at \$85 para sa mga screening.

PAHINTULOT. Kung gusto mong sumailalim sa prenatal screening, hihilingin sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) na pumirma sa dalawang form para magbigay pahintulot, isa para sa bawat isa sa dalawang screening. Pareho itong mahalaga dahil sinusuri ng mga ito ang iba't ibang mga bagay. Kung ayaw mong sumailalim sa prenatal screening, kakailanganin mong pumirma ng mga form para sa pagtangi.

MAGPASURI. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) kung saan pupunta upang magpakuha ng iyong dugo para sa dalawang prenatal screening. Maaaring nasa laboratoryo ito o sa opisina ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis. Para sa bawat screening, kukuha ang isang kawani ng kaunting dugo mula sa iyong braso at ipapadala ito sa isang laboratoryo.

MAKIPAG-UGNAY. Makikipag-ugnay sa iyo nang dalawang beses ang opisina ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) upang ipaalam sa iyo ang iyong **cell-free DNA (maiikling piraso ng DNA na malayang dumadaloy sa dugo)** at mga resulta ng screening ng **maternal serum alpha-fetoprotein**.

MGA FOLLOW-UP NA SERBISYO. Kung ang alinman sa resulta ng screening ay nagpapakita na ang iyong fetus ay may nadagdagang tiyansa ng isa sa mga depekto sa kapanganakan, hindi ito palaging nangangahulugan na mayroong depekto sa kapanganakan. Ang PNS na Programa ay magbibigay sa iyo ng mga follow-up na serbisyo sa Prenatal Diagnosis Center na inaprubahan ng estado. Una, magagawa mong makipag-usap sa isang tagapayo sa henetiko. Aalukin ka ng detalyadong ultrasound exam ng iyong fetus. Pagkatapos, magpapasya ka kung gusto mo ng pagsusuri para malaman ang sakit (diagnostic test) upang malaman kung may depekto sa kapanganakan ang iyong fetus.

Kasama sa mga follow-up na serbisyo ang:

- ♦ Genetic na pagpapayo
- ♦ Ultrasound eksam
- ♦ Pagsusuri para malaman ang sakit: chorionic villus sampling (pagkuha ng sample sa fetus para malaman kung may abnormalidad) o amniocentesis (pagkuha ng sample ng amniotic fluid)



Kung sasailalim ka sa prenatal screening sa pamamagitan ng PNS na Programa, ang mga follow-up na serbisyo ay makukuha mo nang walang karagdagang gastos.

Survey ng Impormasyon sa Sekswal na Oryentasyon at Kinikilalang Kasarian para sa Iyo

Bilang isang programa ng estado, ang PNS na Programa ay dapat humingi ng impormasyon tungkol sa sekswal na oryentasyon at kinikilalang kasarian kapag nangonolekta ng data ng indibidwal. Ang impormasyong ito ay kinokolekta sa isang survey ng Sexual Orientation Gender Identity (SOGI) (<https://forms.office.com/g/LRUWGVET7Xx>). Hindi mo kailangang kumpletuhin ang form ng SOGI survey. Kung pipiliin mong ibigay ang impormasyong ito, hindi ito iuugnay pabalik sa iyo o sa iyong mga resulta ng prenatal screening test.

Pilyego ng Pasyente para sa Prenatal Screening

Kung ikaw ay interesadong basahin ang pilyego ng Pasyente para sa Prenatal Screening o makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Prenatal Screening na Programa ng California, ang mga depekto sa kapanganakan na sinusuri, ang iyong mga pagpipilian pagkatapos ng screening, at marami pa, mangyaring bisitahin ang web page ng pilyego ng Pasyente para sa Prenatal Screening (<https://bit.ly/PNSPatientBooklet>). Sa web page na iyon, makakahanap ka rin ng video na magsasabi sa iyo ng higit pa tungkol sa prenatal screening.

Tandaan: Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis (prenatal care provider) ay maaaring makipag-usap sa iyo tungkol sa pagsailalim sa **prenatal diagnosis** sa halip na prenatal screening. Kung hindi, maaari mo siyang tanungin kung inirekomenda para sa iyo ang prenatal diagnosis.

